DSWD
Department of Social Welfare and Development

Serbisyong Oragon sa Lahat ng Panahon

# PAGKAKAISA NG KASARO



Department of Social Welfare and Development
Kapit-Bisig Laban sa Kahirapan - Comprehensive and Integrated Delivery of Social Services (DSWD KALAHI-CIDSS)

# MagKALAHI tayo, Pilipinas!

SAMA-SAMA NATING ITAGUYOD
ANG **COMMUNITY-DRIVEN DEVELOPMENT** SA BUONG BANSA

**Consultants:**

LEO L. QUINTILLA, CESE
OIC- Regional Director

GERLIE L. AVILA
OIC - Assistant Regional Director for Operations

ADELAIDA P. ESCUREL
Deputy Regional Program Manager

MARYGIZELLE B. MESA
Regional Information Officer

**Writer:**

RANELLE ANNE M. SERTAN
Social Marketing Officer III

**Illustrator:**

Ric Russelle F. Magallano

**Editorial Support:**


Ruffa Mae L. Lozada




Isang araw...
BARANGAY HALL
BARANGAY SARABAY
Magandang araw, Area Coordinator Elena! Alam mo ba ang CDD Institutionalization?
Oo naman, Kap!
Ang CDD Institutionalization ay ang pagsulong ng paggamit ng estratehiyang Community-Driven Development sa mga programa, aktibidad, at proyekto ng gobyerno.
Ano naman po 'yong CDD?
Ito ay ang estratehiya na ginagamit ng DSWD KALAHI-CIDSS sa pagpapalakas ng partisipasyon ng bawat mamamayan sa implementasyon ng mga proyektong pangkaunlaran na kanilang natukoy.
Gano'n po ba? Anu-ano po ang nilalaman ng panukala?
Tinitiyak nito na tugma sa plano ng bawat komunidad ang programa, aktibidad at proyekto na gagawin ng gobyerno.
Nakapaloob pa sa CDD Institutionalization Bill ang pagbuo ng Inter-Agency Advisory Council at pagtatayo ng CDD Knowledge and Resource Institute.
Maganda talaga na nagmumula sa komunidad ang pagpapasya, pagpaplano at pagpapatupad ng kanilang mga proyekto.


AC Elena, sa nabanggit mong Inter-Agency Advisory Council at Knowledge Resource Institute sa CDD Institutionalization Bill, ano ang pangunahing layon nito?
Mamumuno sa pagbuo ng mga polisiya sa pagpapatupad ng CDD sa bansa ang Inter-Agency Advisory Council habang ang Knowledge Resource Institute ang susuporta sa konseho sa pamamagitan ng pagsasaliksik ng mga polisiya at pagsasagawa ng mga pagsasanay sa CDD.
May ikukwento pala ako sa 'yo, Kapitan Pedro!
Ano 'yon?
Sa Barangay Kasaro, gumamit na sila ng CDD sa tulong ni Area Coordinator Fe.
Ang galing naman! Paano nila ginawa 'yon?
Ganito po ginawa nila...


BARANGAY ASSEMBLY
BARANGAY KASARO
Naku, maayos din pala itong programa ng DSWD na KALAHI-CIDSS kasi itinatanong talaga ang kailangan sa ating barangay at may kalakip na mga datos na maari nating balikan.
Tama ka riyan, Sir Pablo! Inaalam sa bawat mamamayan kung ano ang prayoridad na interbensyon upang makamit ang kaunlaran sa lugar. Hindi 'yong kung anong proyekto lang ang naisip, siya na ring ipapatupad.
Sinabi mo pa. Sinisiguro na magagamit sa mahabang panahon ang mga proyekto at may baon pang kaalaman katulad ng procurement, finance at project management.
Kasama pa ang pagsasabuhay ng bayanihan.
Totoo 'yan, AC Fe! Maraming salamat din sa inyong tulong dahil ginabayan mo kami sa pagpapatayo ng aming proyektong kalsada.
Sir Pablo, hindi rin matatapos ang inyong proyekto kung walang pagtutulungan sa komunidad. Kami nga ang dapat magpasalamat dahil kung wala ang mga community volunteers, wala rin ang programa.
Ang sarap sa pakiramdam na maging isang kawani ng DSWD KALAHI-CIDSS na nagbibigay-tulong sa mga komunidad upang isabuhay ang pagbabayanihan. Saludo ako sa mga bayani ng kaunlaran katulad niyo Sir Pablo, lalo na't isa rin kayong community volunteer.
Ngayong tapos na ang aming proyekto, siguradong magagamit ang aming daanan sa matagal na panahon.



Noon, pahirapan makarating sa kabayanan. Isipin niyo ang kapal ng alikabok kapag tag-araw, putik naman kapag tag-ulan ang tinatahak namin.
Oo nga. Ngayon, nagwakas na ang paghihirap na 'yon!
Naalala ko tuloy Sir Pablo, nadulas pa ako sa putikan nang itinutulak namin 'yong motorsiklo dahil sa sobrang putik.
DSWD
Maraming salamat sa inyo, Sir Pablo! Oh siya, magpapaalam na rin po ako.
Matapos ang dalawang taon, naihalal na punong barangay si Pablo ng Barangay Kasaro.
BARANGAY ASSEMBLY
BARANGAY KASARO
Maraming salamat sa sainyong suporta! Isa sa mga plano kong programa ang simpleng paggamit ng CDD sa ating barangay dahil mas napapalakas nito ang partisipasyon, transparency at accountability ng komunidad. Hindi man natin kayang isagawa ang buong proseso ng KALAHI-CIDSS pero maari nating pagbatayan ang ilan sa kanilang mga aktibidad.



Katulad ng Participatory Situational Analysis kung saan mangangalap tayo ng datos. Magkakaroon din tayo ng forum kung saan pipili ng proyekto ang barangay batay sa natukoy na criteria ng mga purok leaders at community volunteers.
Maganda na nagkakaroon ng pakikilahok ang bawat mamamayan ng barangay sa pagpapaunlad nito dahil mas makakasiguro tayo na bawat isa ay may ambag para sa pagbabago.
Kung sa KALAHI-CIDSS ay Municipal Inter-Barangay Forum (MIBF) ang tawag nito, sa atin naman ay Barangay Inter-Zone Forum.
Tama, Kap!
Tama, Kap!
Tama, Kap!
Tama, Kap!
Tama, Kap!
Maraming salamat! Isasagawa natin ang programa sa susunod na buwan. Mangangalap muna tayo ng datos at magsasagawa ng mga pagpupulong sa bawat purok upang himayin ang mga angkop na proyekto na imumungkahi.
BARANGAY HALL
BARANGAY SARABAY
Dahil nais ng programa na maipasa ito sa Kongreso, hinihimok ang bawat munisipyo na i-adopt ang ilan sa mga aktibidad o proseso ng KALAHI-CIDSS, kabilang na riyan ang Municipal Talakayan.
PEDRO
PUNONG BARANGAY




Pinag-uusapan sa Municipal Talakayan ng lokal na pamahalaan at iba't-ibang organisasyon ang mga plano at nagawang proyekto patungkol sa kaunlaran ng kanilang lugar.
Ah, magaling!
PEDRO
PUNONG BARANGAY
Nilalayon nitong palawakin ang kaalaman ng mga local stakeholders sa lagay ng kanilang bayan at magkaroon ng sistematikong face-to-face feedback mechanism sa mga stakeholders.
Sa tingin ko, maari itong gawin sa aming munisipyo.
PEDRO
PUNONG BARANGAY
Oo naman, Kap! Isa sa mga munisipyo na nagkaroon ng ordinansa patungkol sa Municipal Talakayan ay ang bayan ng Bula sa Camarines Sur.
Parang gusto ko ring gawin iyan sa aming barangay.
PEDRO
PUNONG BARANGAY
Sa pag-aadopt ng mga proseso ng KALAHI-CIDSS, mas umiigting ang suporta sa pagpasa ng panukala sa Kongreso. Nagsisilbi kasi itong patunay na epektibo ang programa sa kaunlaran ng mga komunidad.
AC Elena, ituloy mo na 'yong kwento mo at nabitin ako.
Oo nga pala, Kap! Haha!
PEDRO
PUNONG BARANGAY
BARANGAY HALL
BARANGAY KASARO
Sa tingin ko, mas maiging konsultahin ko ang DSWD sa gagawing hakbang para sa CDD activities ng aming barangay.
PABLO
PUNONG BARANGAY


AC FE
calling...
SIR PABLO
Magandang araw, Area Coordinator Fe!
Magandang araw naman sa inyo, Sir Pablo. Ano po ang maipaglilingkod namin sa inyo?
May gusto sana akong konsultahin tungkol sa gagawin naming CDD sa barangay.


Okay lang po, Sir Pablo. Balita ko po kapitan na kayo sa inyong barangay? Congratulations po, Kap! Mula community volunteer aba'y barangay official na kayo sa inyong lugar.
Kung 'di dahil sa mga seminars at trainings na ibinigay niyo, hindi sana mahahasa ang aking mga kakayahan. Lumakas ang self-confidence ko nang sumali sa inyong programa.
PABLO
PUNONG BARANGAY
Malaking tulong din talaga ang mga trainings.
AC Fe, gusto ko sanang humingi ng payo sa inyo tungkol sa mga posibleng hakbang sa pag-aadopt ng CDD sa aming barangay katulad ng Participatory Situational Analysis at Municipal Inter-Barangay Forum (MIBF) na ginagawa niyo.
PABLO
PUNONG BARANGAY
Pwede niyong gamitin ang tools na dati nating ginamit sa DSWD KALAHI-CIDSS at nang ma-update ang mga datos na inyong nakalap.
Ah, pwede pala iyon?
Matapos na ma-update ang inyong mga datos, isunod na ninyo ang pulong dahil kailangan na ilahad sa komunidad ang resulta at magplano sa posibleng interbensyon upang masolusyunan ang problema.
Ah, gano'n ba?


Halimbawa kung makita sa datos na mataas ang unemployment rate, posibleng pagpasyahan ng komunidad na magkaroon ng isang livelihood project.
'Yong sa MIBF, gagawin naming Barangay Inter-Zone Forum.
Ang galing naman, Kap Pablo. Kailangan niyo lamang pong tiyakin na malinaw sa komunidad ang criteria o mga pamantayan sa pagpili ng magiging proyekto.
Salamat sa inyong payo, Area Coordinator Fe!
Muntik ko nang makalimutan, Kap Pablo. Sa pag-adopt niyo ng CDD process, kailangan mayroong ordinansa ang inyong barangay ukol dito. Malaking tulong ito sa programa lalo na't isinusulong ang panukalang CDD Institutionalization sa Kongreso.
Maraming salamat, Area Coordinator Fe! Maaasahan mo na ipapaabot ko sa konseho ang paggawa ng ordinansa para sa pag-adopt ng Community-Driven Development.
PABLO
PUNONG BARANGAY
Gusto rin naming na maipasa ang panukala sa Kongreso dahil mas maraming komunidad ang matutulungan ng CDD.
Sige salamat, Area Coordinator Fe.
Salamat din, Kap Pablo! Paalam.



Bago magkaroon ng implementasyon, nagsagawa muna ng pagpupulong ang buong konseho tungkol sa paggawa ng ordinansa para sa CDD.
Sang-ayon ba kayo sa panukalang CDD?
Pagbotohan natin kung sang-ayon kayo sa pag-apruba ng ordinansa sa pag-adopt ng CDD.
Oo naman! Malaki ang naitulong ng proseso at programa sa ating barangay.
Nagbotohan ang buong konseho para sa pag-apruba ng CDD ordinance.
Hmm, lahat naman tayo ay umayon. Ang panukalang CDD ay pormal nang gagawing ordinansa.


Agad na sinimulan ni Kap Pablo at konseho ang pangangalap ng datos tungkol sa pangangailangan ng bawat purok.
Nagkaroon din ng mga pagpupulong sa bawat purok.
Gumawa rin sila ng mga proposals batay sa kanilang pangangailangan at datos na nakalap.
Matapos maipon ang mga proposals, nagkaroon ng Barangay Inter-Zone Forum kung saan pumili ang komunidad ng proyekto na nararapat na paglaanan ng pondo.
PUROK 2 (DRAINAGE SYSTEM)
Matapos ang pagsusuri at pagtimbang ng mga ito batay sa kanilang pangangailangan, napili ng buong barangay na magkaroon ng drainage system sa Purok 2.



Magsisilbi itong solusyon upang maiwasan ang pagbaha tuwing may bagyo.
PUROK 2
Maraming salamat sa inyong malaking suporta sa ating programa. Hindi man ito kasinlaki ng mga proyekto ng KALAHI-CIDSS, tiyak namang mapapakinabangan natin ito.
Maraming salamat din, Kap! Mabuting naririnig ang aming boses at nalalaman din namin na kailangan ng masusing pagpaplano sa mga programa o proyekto sa ating komunidad.
BARANGAY HALL
BARANGAY SARABAY
Hindi ba maganda Kap Pedro, na nagkakaroon ng pag-uusap ang mga tao at ang lokal na pamahalaan sa magiging proyekto sa kanilang komunidad.
Oo naman!
PEDRO
PUNONG BARANGAY
Dito, naiiwasan ang hindi pagkakaintindihan ng komunidad. Nalalaman din ng bawat mamamayan kung pa'no isinasagawa ang pagpapatupad ng mga proyektong pangkaunlaran.


Area Coordinator Elena, ituloy mo na 'yong kwentuhan sa Barangay Kasaro. Excited na ako!
PEDRO
PUNONG BARAN
Sige Kap!
Kamusta kayong lahat?
13


Okay naman, Kap Pablo! Mukhang matatapos na itong drainage system sa loob ng dalawang buwan.
Buti naman! Sana maging maayos ang implementasyon ng proyekto.
Oo naman, Kap! Lahat kasi tayo, nagtutulungan. Hindi lamang ang lokal na pamahalaan ang tumaya rito sa proyekto, may mga responsibilidad din ang bawat mamamayan.


Dahil sa pagtutulungan ng barangay, natapos ang proyektong drainage system.
Happy Fiesta!
BRGY. KASARO
Bilang selebrasyon ng pagtatapos ng drainage system, nagkaroon ng simpleng seremonya at inimbitahan ng komunidad si Area Coordinator Fe.


Maraming salamat Kap Pablo, sa pag-imbita sa 'kin sa inyong komunidad.
Nagpapasalamat din kami sa KALAHI-CIDSS kasi hindi lamang proyekto ang kanilang naibigay kundi pinatatag pa ng programa ang aming samahan dito. Hindi lang 'yan, pinabaon din sa amin ang napakahalagang kaalaman sa pagbabayanihan.
Narito rin pala Area Coordinator Fe, ang kopya ng ordinansa na ina-adopt namin ang prosesong Community-Driven Development.
Salamat po, Kap Pablo! Malaking tulong ito sa aming kampanya na maipasa sa Kongreso ang panukalang CDD Institutionalization.
Mas marami ding komunidad ang matutulungan nito at mas lalong mapapagtibay ang adhikain ng KALAHI-CIDSS na bayanihan.
DSWD
Bago ko makalimutan, Kap! Maaari po ba namin kayong maimbitahan sa Maynila upang magsalita sa aming National Bayani Ka! Awards. Dinadaluhan ito ng mga community volunteers at lokal na pamahalaan sa buong Pilipinas.
Malaking karangalan ito sa amin na magsalita at ibahagi ang aming karanasan sa paggamit ng CDD, Area Coordinator Fe.


National Bayani Ka! Awards
Para magbigay ng kaniyang karanasan tungkol sa pagpapatupad ng CDD, aking tatawagin si Kapitan Pablo Reyes ng Barangay Kasaro!
Maraming salamat at inimbitahan niyo ako upang ilahad ang aming kwento sa barangay.
Bago dumating ang KALAHI-CIDSS, ako'y isang simpleng magsasaka lamang. Kailangan kong mag-doble kayod para buhayin ang aking pamilya.


BARANGAY ASSEMBLY
BARANGAY KASARO
Isang araw, pinatawag kami noon ng kapitan upang dumalo sa isang barangay assembly at nalaman naming ang programa ng DSWD na tinatawag na KALAHI-CIDSS.
Sa una, nagduda akong baka lolokohin lamang kami ng programa pero nagkamali ako. Napagbotohan ng komunidad na ako ang gawing BARANGAY SUB-PROJECT MANAGEMENT COMMITTEE CHAIRPERSON, isang posisyon na may kaakibat na tungkulin. Hindi madali sa akin dahil isa akong magsasaka na binubuhay ang isang pamilya.
Nahirapan ako. Kinailangan kasing ibalanse ko ang pagsasaka at pagiging isang BSPMC o community volunteer. Wala man akong makukuhang pera sa pagiging isang volunteer, pero mas nagagalak akong makatulong sa komunidad.
Gusto ko ring matapos ang proyektong kalsada dahil ayaw ko maranasan ng aking mga anak na maglakad sa putikan o alikabok tuwing papasok sa paaralan.
Nang matapos ang aming proyekto na daanan, hindi ko inakala na mahalalbilang isang punong barangay. Dahil sa programa,nagkaroon ako ng lakas ng loob sa aking sarili.Ipinakita rin sa akin ng programa na ang bawat mamamayan ay may boses sa mga usaping pangkaunlaran. Kahit natapos na ang KALAHI-CIDSS sa aming lugar, gusto ko na ang mga proyektong gagawin ng komunidad ay hindi basta-basta lang.
Kaya ginamit naming ang estratehiya ng KALAHI-CIDSS na Community-Driven Development. Dahil hindi namin kaya ang buong proseso, kinuha lamang naming ang sa tingin ay maaring ipatupad sa aming komunidad katulad ng Participatory Situational Analysis at Municipal Inter-Barangay Forum (MIBF) na pinalitan bilang Barangay Inter-Zone Forum upang maging akma.


Kahit man hindi kalakihan ang aming pondo para sa ganitong programa, nakapagpagawa kami ng drainage system sa Purok 2. Magsasagawa rin kami ng sustainability evaluation at mayroong nakatalagang operation and maintenance team upang matiyak na magagamit namin sa mahabang panahon ang proyekto.
Kung wala ang pagtutulungan ng buong komunidad, hindi sana namin maisasakatuparan an proyekto. Subok nang epektibo ang CDD sa pagsasabuhay ng bayanihan at pagpapalago ng kaunlaran sa lugar.
Sama-samang nating itaguyod ang Community-Driven Development.
Maraming salamat, Kap Pablo! Sigurado akong nagbigay-inspirasyon ang inyong kwento sa ating community volunteers at mga lokal na pamahalaan!
MagKALAHI Tayo Pilipinas!
MagKALAHI Tayo Pilipinas!
MagKALAHI Tayo Pilipinas!
MagKALAHI Tayo Pilipinas!
MagKALAHI Tayo Pilipinas!
MagKALAHI Tayo Pilipinas!
MagKALAHI Tayo Pilipinas!


'Di ba napakagaling ng ginawa ng Barangay Kasaro!
Oo nga! Nakaka-inspire!
PEDRO
PUNONG BARANGAY
Marami akong natutunan sa kanilang barangay.
Hindi lamang ang proseso pati rin ang pagbabayanihan ng komunidad tungo sa kaunlaran
Interesado akong gayahin ang mga ginawa ng Barangay Kasaro.
Kayang-kaya 'yan, Kap! Basta lahat ay magtutulungan.
Tama ka, Area Coordinator Elena!
Kung kinaya ng Barangay Kasaro, kakayanin din ng Sarabay!
Kung kaya ng isang komunidad, kaya rin ng buong bansa!
PEDRO
PUNONG BARANGAY

Ang librong ito ay binuo ng Department of Social Welfare and Development Kapit-Bisig Laban sa Kahirapan - Comprehensive and Integrated Delivery of Social Services (DSWD KALAHI-CIDSS) Social Marketing Unit upang maihatid ang mensahe sa mga pamayanan, ang halaga ng Community-Driven Development (CDD) o Sama-samang Pagkilos Nang May Malasakit.

Ang KALAHI-CIDSS ay isang proyekto ng DSWD na naglalayong palakasin ang partisipasyon ng mga pamayanan sa implementasyon ng mga proyektong pangkaunlaran gamit ang prosesong CDD. Binibigyang-kapangyarihan ng programa ang mga karaniwang mamamayan sa pagtukoy ng mga problemang nararanasan at solusyon na akma sa konteksto ng bawat komunidad.

Nilalayon ng aklat na itong maipaalam sa mga pamayanan na ang simpleng pakikilahok sa mga proyektong pangkaunlaran ay nagpapakita ng kabayanihan sa pagsugpo ng kahirapan sa bansa. Nais rin ng aklat na ito na mahikayat ang publiko na suportahan ang pagtataguyod ng CDD sa buong bansa. MAGKALAHI Tayo Pilipinas!

# PAGKAKAISA NG KASARO

DSWD
Department of Social Welfare and Development

DSWD Region 5

KALAHI CIDSS NCDDP

Serbisyong Oragon sa Lahat ng Panahon